# Microsoft License Terms

**Huling na-update noong Disyembre 2016**

**MGA TUNTUNIN SA LISENSYA NG MICROSOFT SOFTWARE**

**WINDOWS NA OPERATING SYSTEM**

---

**KUNG NAKATIRA KA SA (O KUNG ANG PANGUNAHING LOKASYON NG IYONG NEGOSYO AY SA) ESTADOS UNIDOS, MANGYARING BASAHIN ANG MAY-BISANG SUGNAY NG ARBITRASYON AT PAGPAPAUBAYANG PATUNGKOL SA PINAGSAMANG PAGHAHABLA SA SEKSYON 10. NAAAPEKTUHAN NITO KUNG PAANO NILULUTAS ANG MGA HINDI PAGKAKASUNDO.**

**Salamat sa pagpili mo sa Microsoft!**

Depende sa kung paano mo nakuha ang Windows software, ito ay isang kasunduan sa lisenya sa pagitan (i) mo at ng gumawa ng device o ng software installer na nagpamahagi ng software na kasama ng iyong device; o sa pagitan (ii) mo at ng Microsoft Corporation (o, batay sa kung saan ka naninirahan o kung isang negosyo, sa pangunahing lokasyon ng iyong negosyo, isa sa mga affiliate nito) kung nakuha mo ang software mula sa isang retailer. Ang Microsoft ang gumawa ng device para sa mga device na mula sa Microsoft o sa isa sa mga affiliate nito, at ang Microsoft ang retailer kung nakuha mo ang software nang direkta mula sa Microsoft.

Inilalarawan ng kasunduang ito ang iyong mga karapatan at ang mga kondisyon sa kung paano mo magagamit ang Windows software. Dapat mong suriin ang buong kasunduan, kabilang ang anumang mga karagdagang tuntunin ng lisensya na kasama ng software at anumang mga kaugnay na tuntunin, dahil mahalaga ang lahat ng tuntunin at binubuo ng mga ito ang kasunduang ito na nalalapat sa iyo. Maaari mong suriin ang mga kaugnay na tuntunin sa pamamagitan ng pagpe-paste ng link na (aka.ms/) sa isang browser window.

**Sa pagtanggap sa kasunduang ito o sa paggamit ng software, ikaw ay sumasang-ayon sa lahat ng mga tuntuning ito, at pinahihintulutan ang paglilipat ng ilang impormasyon sa panahon ng pag-a-activate at sa panahon ng iyong paggamit ng software, alinsunod sa pahayag sa pagkapribado na inilalarawan sa Seksyon 3. Kung hindi mo tinatanggap at kung hindi mo nais sumunod sa mga tuntuning ito, hindi mo maaaring gamitin ang software o ang mga feature nito.** Maaari kang makipag-ugnayan sa gumawa o installer ng device, o sa iyong retailer kung binili mo ang software nang direkta, upang malaman ang patakaran nito sa pagbabalik at isauli ang software o device kapalit ng refund o credit alinsunod sa patakarang ito.

Kailangan mong sumunod sa patakarang iyon, na maaaring mag-atas sa iyong ibalik ang software na kasama ang buong device kung saan naka-install ang software, kapalit ng refund o credit, kung mayroon.

**1. Pangkalahatang-ideya.**

**a. Kaangkupan.** Ang kasunduang ito ay nalalapat sa Windows software na pauna nang na-install sa iyong device, o nakuha mula sa isang retailer at na-install mo, ang media kung saan mo natanggap ang software (kung mayroon), ang anumang font, icon, larawan o mga sound file na kasama sa software, gayundin ang anumang mga update, upgrade, karagdagan o serbisyo ng Microsoft para sa software, maliban kung may kasamang ibang tuntunin ang mga ito. Nalalapat din ito sa mga Windows app na ginawa ng Microsoft na nagbibigay ng functionality na gaya ng mail, mga contact, musika at mga larawan na kasama sa at bahagi ng Windows. Kung ang kasunduang ito ay naglalaman ng mga tuntuning tungkol sa isang feature o sebisyo na wala sa iyong device, samakatuwid ay hindi nalalapat ang mga tuntuning iyon.

**b. Mga karagdagang tuntunin.** Maaaring maglapat ng mga karagdagang tuntunin ng Microsoft at ng third party sa paggamit mo ng ilang partikular na feature, serbisyo at app, depende sa mga kakayahan ng iyong device, kung paano ito naka-configure at kung paano mo ito gamitin. Mangyaring tiyaking basahin ang mga ito.

(i) Ang ilang Windows app ay nagbibigay ng access point sa, o umaasa sa, mga online na serbisyo, at nasasaklawan kung minsan ang paggamit sa mga serbisyong iyon ng mga hiwalay na tuntunin at patakaran sa pagkapribado, gaya ng Kasunduan sa Mga Serbisyo ng Microsoft sa (aka.ms/msa). Makikita mo ang mga tuntunin at patakaran na ito kapag sinuri mo ang mga tuntunin ng paggamit ng serbisyo o ang mga setting ng app, tulad ng naaangkop. Maaaring hindi umiiral ang mga serbisyo sa lahat rehiyon.

(ii) Maaaring magsama ng mga karagdagang app ang Microsoft, ang manufacturer o ang installer, at mapapailalim ang mga ito sa mga hiwalay na tuntunin ng lisensya at patakaran sa pagkapribado.

(iii) Kasama sa software ang Adobe Flash Player na inililisensya alinsunod sa mga tuntunin mula sa Adobe Systems Incorporated sa (aka.ms/adobeflash). Ang Adobe at Flash maaaring tatak-pangkalakal o nakarehistrong tatak-pangkalakal ng Adobe Systems Incorporated sa Unidos at/o sa iba pang mga bansa.

(iv) Maaaring may mga kasamang program ng third party ang software na inililisensya sa iyo alinsunod sa kasunduang ito, o alinsunod sa mga sariling tuntunin ng mga ito. Mababasa sa (aka.ms/thirdpartynotices) ang mga tuntunin ng lisensya, paunawa at pagkumpirma, kung mayroon man, para sa mga program ng third party.

(v) Hangga't kasama sa Windows, nililisensyahan ang Word, Excel, PowerPoint at OneNote para sa iyong personal at hindi pangkomersyong paggamit, maliban na lang kung mayroon kang mga karapatan sa pangkomersyong paggamit alinsunod sa isang hiwalay na kasunduan.

**2. Mga Karapatan sa Pag-install at Paggamit.**

**a. Lisensya.** Ang software ay inililisensya, hindi ibinebenta. Alinsunod sa kasunduang ito, ibinibigay namin sa iyo ang karapatang mag-install at magpatakbo ng isang instance ng software sa iyong device (ang lisensyadong device), kung saan isang tao lang ang makakagamit sa bawat pagkakataon, hangga't sumusunod ka sa lahat ng tuntunin ng kasunduang ito. Ang pag-a-update o pag-a-upgrade mula sa isang software na hindi lehitimo, gamit ang isang software na mula sa Microsoft o mga awtorisadong mapagkukunan ay hindi magreresulta sa pagiging lehitimo ng iyong unang bersyon o ng na-update /na-upgrade na bersyon, at sa ganoong sitwasyon, wala kang lisensya upang gamitin ang software.

**b.Device.** Sa kasunduang ito, ang ibig sabihin ng "device" ay isang hardware system (pisikal man o birtwal) na may internal na storage device na may kakayahang patakbuhin ang software. Itinuturing na device ang hardware partition o blade.

**c.Mga Paghihigpit.** Nasa gumawa, installer at sa Microsoft ang lahat ng karapatan (gaya ng mga karapatang alinsunod sa mga batas sa intelektwal na pag-aari) na hindi tuwirang ipinagkakaloob sa kasunduang ito. Halimbawa, hindi ka binibigyan ng lisensyang ito ng anumang karapatan na, at hindi mo magagawang:

(i) gamitin o gawing birtwal ang mga feature ng software nang hiwalay;

(ii) ilathala, kopyahin (maliban sa pinahihintulutang kopya para sa backup), ipaupa, o ipahiram ang software;

(iii) ilipat ang software (maliban kung pinahihintulutan ng kasunduang ito);

(iv) magawan ng paraan ang anumang teknikal na paghihigpit o limitasyon ng software;

(v) gamitin ang software bilang server software, gamitin para sa pangkomersyong hosting, gawing magagamit ng maraming user ang software nang sabay-sabay sa iisang network, i-install ang software sa isang server at payagan ang mga user na i-access ito nang malayuan, o i-install ang software sa isang device para sa paggamit lang ng malalayong user;

(vi) i-reverse engineer, i-decompile o i-disassemble ang software, o kaya ay subukang gawin ito, maliban kung at hangga't ang nabanggit na paghihigpit ay (a) pinapahintulutan ng naaangkop na batas; (b) pinapahintulutan ng mga tuntunin sa paglilisensya na sumasaklaw sa paggamit ng mga open-source na bahagi na maaaring kasama sa software; o (c) kinakailangan para mag-debug ng mga pagbabago sa anumang mga library na nilisensyahan sa bisa ng GNU Lesser General Public License na kasama sa at inili-link ng software; at

(vii) kapag gumagamit ng mga feature na ginagamitan ng Internet, hindi mo maaaring gamitin ang mga feature na iyon sa anumang paraan na maaaring makahadlang sa paggamit sa mga ito ng sinuman, o para subukang magkaroon ng access o gumamit ng anumang serbisyo, data, account o network, sa hindi awtorisadong paraan.

**d. Mga sitwasyong marami ang pinaggagamitan nito.**

(i) **Maraming bersyon.** Kung sa pagbili ng software ay binigyan ka ng maraming bersyon (gaya ng mga bersyong 32-bit at 64-bit), maaari mong i-install at i-activate ang isa lamang sa mga bersyong iyon sa isang pagkakataon.

(ii) **Marami o naka-pool na koneksyon.** Hindi nababawasan ng hardware o software na ginagamit mo para mag-multiplex o mag-pool ng mga koneksyon, o bawasan ang bilang ng mga user na nag-a-access o gumagamit sa software, ay hindi nakakabawas sa bilang ng mga lisensyang kailangan mo. Maaari mo lang gamitin ang ganitong hardware o software kung mayroon kang lisensya para sa bawat pagkakataon ng software na iyong ginagamit.

(iii) **Mga koneksyon ng device.** Maaari mong pahintulutan ang hanggang sa 20 iba pang device na ma-access ang software na naka-install sa lisensyadong device para sa layunin ng paggamit sa mga sumusunod na feature ng software. mga serbisyo para sa file, mga serbisyo sa pag-print, mga serbisyo para sa impormasyon sa Internet at mga serbisyo sa pagbabahagi ng koneksyon sa Internet at para sa telephony sa lisensyadong device. Maaari mong pahintulutan ang kahit ilang device na ma-access ang software sa lisensyadong device upang

ma-synchronize ang data sa pagitan ng mga device. Ngunit, hindi ibig ipakahulugan ng seksyong ito na may karapatan kang i-install ang software o gamitin ang pangunahing kakayahan ng software (maliban sa mga feature na nakalista sa seksyong ito), sa alinman sa iba pang device na ito.

(iv) **Gamitin sa isang environment na ginawang birtwal.** Pinahihintulutan ka ng lisensyang ito na i-install ang software ng isang beses lang, upang magamit sa isang device, maging pisikal o birtwal man ang nasabing device. Kung gusto mong gamitin ang software sa mahigit isang birtwal na device, dapat kang kumuha ng mga hiwalay na kopya ng software at hiwalay na lisensya para sa bawat pagkakataon.

(v) **Malayuang pag-access.** Nang hindi hihigit sa isang beses kada 90 araw, maaari kang magtakda ng iisang user na pisikal na gumagamit sa lisensyadong device bilang siyang lisensyadong user. Maaaring i-access ng lisensyadong user ang lisensyadong device mula sa ibang device sa pamamagitan ng mga teknolihiyang malayuang pag-access Maaaring i-access ng ibang user sa ibang mga pagkakataon ang lisensyadong device mula sa ibang device gamit ang mga teknolohiya sa malayuang pag-access, ngunti sa mga device lang na may hiwalay na lisensya para mapatakbo ang pareho o mas mataas na edisyon ng software na ito.

(vi) **Malayuang pagtulong.** Maaari mong gamitin ang mga teknolohiya sa malayuang pagtulong upang magbahagi ng aktibong session nang hindi kumukuha ng anumang karagdagang lisensya para sa software. Nagbibigay-daan ang remote assistance sa isang user na direktang kumonekta sa computer ng ibang user, karaniwan para mag-ayos ng mga problema.

**e.Backup na kopya.** Maaari kang gumawa ng isang kopya ng software bilang pag-backup, at maaari mo ring gamitin ang backup na kopya na iyon upang ilipat ang software kung nakuha ito bilang hiwalay na software, tulad ng inilalarawan sa Seksyon 4 sa ibaba.

**3. Pagkapribado; Pahintulot sa Paggamit ng Data.** Mahalaga sa amin ang iyong pagkapribado. Nagpapadala o tumatanggap ng impormasyon ang ilan sa mga feature ng software kapag ginagamit ang mga feature na iyon. Maaaring i-off ang marami sa mga feature na ito sa user interface o maaari mong piliin na hindi gamitin ang mga ito. Kapag tinanggap mo ang kasunduang ito at ginamit ang software, sumasang-ayon ka na maaaring kolektahin, gamitin at ibunyag ng Microsoft ang impormasyon tulad ng inilalarawan sa Pahayag sa Pagkapribado ng Microsoft (aka.ms/privacy), at tulad ng maaaring inilalarawan sa user interface na nauugnay sa mga feature ng software.

4. **Paglilipat.** Hindi naaangkop ang mga probisyon ng seksyong ito kung nakuha mo ang software bilang isang consumer sa Germany o sa alinman sa mga bansang nakatala sa site na ito (aka.ms/transfer), kung saan ang anumang paglilipat ng software sa isang third party, at ang karapatang gamitin ito, ay dapat sumunod sa naaangkop na batas.

   a. **Software na naka-install na sa isang device.** Kung nakuha mo ang software nang naka-install na ito sa isang device (at kung nag-upgrade ka rin mula sa software na naka-install na sa isang device), maaari mong direktang ilipat sa ibang user ang lisensya para magamit ang software, gamit lang ang lisensyadong device. Dapat kasama sa paglipat ang software at, kung may kasamang device, isang lehitimong etiketa ng Windows na nagbibilang sa key ng produkto. Bago ang anumang pinahihintulutang paglipat, dapat sumang-ayon ang kabilang partido na lumalapat ang kasunduang ito sa paglipat at sa paggamit sa software.

   b. **Stand-alone na software.** Kung nakuha mo ang software bilang stand-alone software (at kung nag-upgrade ka rin mula sa software na nakuha mo bilang stand-alone software), maaari mong ilipat ang software sa ibang device na pagmamay-ari mo. Maaari mo ring ilipat ang software sa isang device na pag-aari ng ibang tao kung (i) ikaw ang unang nalisensyahang user ng software at (ii) kung sumang-ayon ang bagong user sa mga tuntunin ng kasunduang ito. Maaari mo ring gamitin ang backup na kopya na pinahihintulutan naming gawin mo o ang media na ginamit para ilipat ang sofware. Sa tuwing ililipat mo ang software sa isang bagong device, dapat mong alisin ang software mula sa unang device. Hindi mo maaaring ilipat ang software upang gamitin ang mga lisensya sa iba't ibang device.

5. **Awtorisadong Software at Pag-a-activate.** Awtorisadong kang gamitin ang software na ito kapag wasto ang lisensya mo at kung na-activate nang tama ang software sa pamamagitan ng isang lehitimong key ng produkto, o sa pamamagitan ng iba pang awtorisadong paraan. Kapag kumonekta ka sa Internet habang ginagamit ang software, awtomatikong makikipag-ugnayan ang software sa Microsoft o sa affiliate nito para magsagawa ng pag-activate para iugnay ito sa isang partikular na device. Maaari mo ring mano-manong i-activate ang software sa pamamagitan ng Internet o telepono. Sa alinmang sitwasyon, magaganap pa rin ang paglilipat ng ilang impormasyon, at maaaring magkaroon ng mga singil para sa serbisyo ng Internet, telepono at SMS. Sa panahon ng pag-a-activate (o muling pag-a-activate na maaaring sanhi ng mga pagbabago sa mga bahagi ng iyong device), maaaring matukoy ng software na ang kaganapan ng pag-install ng software ay huwad, hindi tama ang pagkakalisensya o may kasamang di-awtorisadong mga pagbabago. Kung hindi ito maa-activate, susubukan ng software na kumpunihin ang sarili nito sa pamamagitan ng pagpapalit sa anumang minanipulang Microsoft software ng lehitimong Microsoft software. Maaari ka ring makatanggap ng mga paalala upang makakuha ng wastong lisensya para sa

software. Kahit na matagumpay itong ma-activate, hindi nito kinukumpirma na lehitimo o may wastong lisensya ang software. Hindi ka pinahihintulutang huwag pansinin o lusutan ang pag-a-activate. Upang makatulong na matukoy kung lehitimo ang iyong software at kung wasto ang lisensya mo, basahin ang (aka.ms/genuine). Maaaring ialok lamang ang ilang update, suporta at iba pang serbisyo sa mga user ng lehitimong Microsoft software.

6. **Mga Update.** Regular na sinusuri ng softwarekung may mga update sa system at app, at dina-download at ini-install nito ang mga iyon para sa iyo. Maaari kang kumuha ng mga update mula sa Microsoft lang o sa mga awtorisadong pinagkukunan, at maaaring kailanganing i-update ng Microsoft ang iyong system upang ibigay sa iyo ang mga update na iyon. Kapag tinanggap mo ang kasunduang ito, sumasang-ayon kang makatanggap ng mga ganitong uri ng mga awtomatikong update nang walang anumang karagdagang abiso.

7. **Mga Karapatan sa Pag-downgrade.** Kung nakakuha ka ng device mula sa isang manufacturer o installer na mayroon nang naka-install na Professional na bersyon ng Windows, maaari kang gumamit ng bersyong Windows 8.1 Pro o Windows 7 Professional, ngunit hangga't sinusuportahan lang ng Microsoft ang mas naunang bersyon na iyon tulad ng ipinapahayag sa (aka.ms/windowslifecycle). Nalalapat ang kasunduang ito sa iyong paggamit ng naunang mga bersyon. Kung nabibilang sa naunang bersyon ang iba-ibang bahagi, ang anumang patakaran para sa mga bahaging iyon sa kasunduan na kasama sa naunang bersyon, ay ilapat sa iyong paggamit sa mga nasabing bahagi. Ang gumagawa man o ang installer, ni ang Microsoft man ay walang pananagutan na bigyan ka ng naunang mga bersyon. Kailangan mong kunin ang naunang bersyon nang hiwalay, at maaari kang singilin para rito. Sa anumang pagkakataon, maaari mong palitan ang isang naunang bersyon na una mong binili.

8. **Mga Paghihigpit ayon sa Heograpikong Lugar at Pag-export.** Kung pinaghihigpitan ang paggamit sa iyong software sa isang partikular na rehiyon, samakatuwid ay maaari mong i-activate ang software sa rehiyong iyon lamang. Dapat ka ring sumunod sa lahat ng lokal at internasyonal na batas at regulasyon sa pag-export na nalalapat sa software, na mayroong mga paghihigpit sa mga destinasyon, end user at end use. Para sa karagdagang impormasyon hinggil sa mga paghihigpit ayon sa heograpikong lugar at pag-export, pumunta sa (aka.ms/georestrict) at (aka.ms/exporting).

9. **Mga Pamamaraan sa Suporta at Refund.**

   a. **Para sa software na naka-install na sa isang device.** Para sa software sa pangkalahatan, makipag-ugnay sa manufacturer o installer ng device para sa mga opsyon sa suporta. Sumangguni sa numero ng suporta na ibinigay kasama ng software. Para sa mga update at karagdagang impormasyon na direktang nakuha sa Microsoft, maaaring

magbigay ng mga limitadong serbisyo sa suporta ang Microsoft sa software na wasto ang lisensya tulad ng inilalarawan sa (aka.ms/mssupport). Kung nagnanais kang makakuha ng refund, makipag-ugnayan sa gumagawa o sa installer upang matukoy ang mga patakaran nito sa refund. Kailangan mong sumunod sa patakarang iyon, na maaaring mag-atas sa iyong ibalik ang software na kasama ang buong device kung saan naka-install ang software, kapalit ng refund.

**b. Para sa software na binili mula sa isang retailer.** Nagbibigay ang Microsoft ng mga limitadong serbisyo sa suporta para sa software na wasto ang lisensya tulad ng inilalarawan sa (aka.ms/mssupport). Kung binili mo ang software mula sa isang retailer at nagnanais makakuha ng refund, at hindi mo makuha ito kung saan mo nabili ang software, makipag-ugnayan sa Microsoft para sa impormasyong tungkol sa mga patakaran ng Microsoft sa refund. Tingnan ang (aka.ms/msoffices), o sa North America, tumawag sa (800) MICROSOFT o tingnan ang (aka.ms/nareturns).

**10. May-bisang Sugnay ng Arbitrasyon at Pagpapaubayang patungkol sa Pinagsamang Paghahabla kung Ikaw ay Naninirahan sa (o kung ang isang Negosyo, ang Pangunahing Lokasyon ng Iyong Negosyo ay nasa) Estados Unidos.**

Ninanais namin na hindi tayo magkaroon ng di-pagkakasundo kailanman, ngunit kung magkakaroon tayo nito, sumasang-ayon ka at kami na subukan sa loob ng 60 araw na lutasin ito sa pagitan lamang natin. Kung hindi natin ito magagawa, ikaw at kami ay sumasang-ayon sa **may-bisang pang-indibidwal na arbitrasyon sa harap ng American Arbitration Association ("AAA") alinsunod sa Federal Arbitration Act ("FAA"), at hindi maghahabla sa korte, sa harapan ng isang hukom o hurado**. Sa halip, magpapasya ang isang walang pinapanigang tagahatol at ang pasya ay magiging pinal maliban pagdating sa limitadong karapatan sa pag-aapela alinsunod sa Federal Arbitration Act. **Ang mga pinagsamang paghahabla, malawakang arbitrasyon, mga pagkilos ng pribadong attorney-general at anumang iba pang paglilitis kung saan may taong tumatayo bilang kinatawan, ay hindi pinahihintulutan. Hindi rin pinahihintulutan ang pag-iisa sa mga indibidwal na paglilitas nang walang pahintulot ng lahat ng partido.** Kabilang sa "kami," "aming," at "namin" ang Microsoft, ang gumawa ng device at ang software installer.

**a.Sinasaklaw na di-pagkakasundo—lahat maliban sa IP.** Napakalawak ng terminong "hindi pagkakasundo." Kabilang dito ang anumang paghahabol o pagtatalo sa pagitan mo at ng manufacturer o installer, o sa pagitan mo at ng Microsoft, hinggil sa software, sa presyo nito o sa kasunduang ito, alinsunod sa anumang legal na teorya kabilang ang kontrata, warranty, tort, batas o regulasyon, **maliban sa mga hindi pagkakasundo na nauugnay sa pagpapatupad o pagkakaroon ng bisa ng mga karapatan sa**

**intelektwal na pag-aari mo, ng iyong mga tagapaglisensya, namin o ng aming mga tagapaglisensya.**

b. **Magpadala muna ngAbisa sa Di-Pagkakasundo.** Kung mayroon kang di sinasang-ayunan at hindi ito malutas ng aming mga kinatawan sa serbisyong pang-customer, magpadala ng Abiso sa Di-Pagkakasundo sa pamamagitan ng U.S. Mail sa gumagawa, o sa installer, ATTN: LEGAL NA KAGAWARAN. Kung ang hindi mo pagsang-ayon ay nakatuon sa Microsoft, ipadala ito sa Microsoft Corporation, ATTN: LCA ARBITRATION, One Microsoft Way, Redmond, WA 98052-6399. Sabihin sa amin ang iyong pangalan, address, paano makikipag-ugnayan sa iyo at kung at ang problema at kung ano ang gusto mo. May form sa (aka.ms/disputeform). Ganito rin ang aming gagawin kung mayroon kaming hindi sinasang-ayunan sa iyo. Makalipas ang 60 araw, ikaw o kami ay maaari nang magpasimula ng arbitrasyon kung hindi malutas ang di-pagkakasundo.

c. **Opsyon para sa small claims court.** Sa halip na magpadala ng Abiso sa Di-Pagkakasundo, at kung nakakatugon ka sa mga kahilingan ng korte, maaari mo kaming ihabla sa small claims court sa iyong bansang tinitirhan (o kung isang negosyo, sa pangunahing lokasyon ng negosyo) o sa aming pangunahing lokasyon ng negosyo–King County, Washington USA, kung ang iyong di-pagsang-ayon ay nakatuon sa Microsoft. Sana ay magpadala ka ng Abiso sa Hindi Pagkakasundo at bigyan mo kami ng 60 araw upang subukang lutasin ito, ngunit hindi mo ito kailangang gawin bago dumulog sa small claims court.

d. **Pamamaraan sa arbitrasyon.** Magsasagawa ang AAA ng anumang uri ng arbitrasyon alinsunod sa mga Panuntunan sa Komersyal na Arbitrasyon nito (o kung isa kang indibidwal at ginagamit ang software para sa personal o gamit sa bahay, o kung ang halaga ng di-pagkakasundo ay $75,000 USD o mas mababa, kung ikaw man ay indibidwal o hindi o kung paano mo ginagamit ang software at ang mga Panuntunan sa Komersyal na Arbitrasyon nito). Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang (aka.ms/adr) o tumawag sa 1-800-778-7879. Upang magpasimula ng arbitrasyon, isumite ang form na nasa (aka.ms/arbitration) sa AAA; magpadala ng kopya sa manufacturer o installer (o sa Microsoft kung Microsoft ang sangkot sa hindi pagkakasundo). Sa isang pagtatalo na nagkakahalaga ng $25,000 USD o mas mababa, ang anumang pagdinig ay magiging telephonic maliban na lang kung ang tagapamagitan ay makahanap ng makabuluhang dahilan upang magsagawa ng personal na pagdinig. Ang anumang personal na pagdinig ay isasagawa sa iyong bansang tinitirhan (o kung isang negosyo, sa pangunahing lokasyon ng negosyo) o sa aming pangunahing lokasyon ng negosyo—King County, Washington USA, kung ang iyong di-pagsang-ayon ay nakatuon sa Microsoft. Ikaw ang pipili. Maaaring igawad ng tagapamagitan ang katulad na bigat ng pinsala sa iyo gaya ng gagawin ng korte.

Maaaring igawad ng tagapamagitan ang remedyo ng legal na pagpapaliwanag o kautusan na para sa iyo lamang, upang matugunan ang iyong iniharap na indibidwal na paghahabol.

**e.Mga singilin at binabayaran sa arbitrasyon.**

(i) **Mga di-pagkakasundong nagkakahalaga ng $75,000 USD o mas mababa.** Agad na ibabalik ng gumagawa o ng installer (o ng Microsoft, kung ang iyong di-pagsang-ayon ay nakatuon sa Microsoft) ang ibinayad sa paghahabla at babayaran ang mga bayarin at gastusin ng AAA at ng tagapamagitan. Kung tinanggihan mo ang aming huling nakasulat na alok sa pakikipagkasundo na naisagawa bago may naatasang tagapamagitan, didiretso ang di-pagkakasundo sa pasya ng isang tagapamagitan (tinatawag na "gawad"), at ginawaran ka ng tagapamagitan ang higit sa huling nakasulat na alok, ang gagawin ng gumagawa, ng installer (o ng Microsoft, kung ang iyong di-pagsang-ayon ay nakatuon sa Microsoft) ay: (1) babayaran ang mas malaking gawad o $1,000; (2) bayaran ng doble ang iyong makatuwirang bayarin sa abogado, kung mayroon; at (3) ibalik ang ibinayad sa anumang gastusin (kabilang ang bayarin at gastos sa ekspertong saksi) na makatuwirang lumaki para sa iyong abogado para sa pagsisiyasat, paghahanda, at pagpupursige sa iyong paghahabl sa arbitrasyon. Tutukuyin ng tagapamitan ang mga halaga maliban na lang kung ikaw at kami ay sumang-ayon sa mga ito.

(ii) **Mga di-pagkakasunduang nagkakahalaga ng mahigit sa $75,000 USD.** Pamamahalaan ng mga tuntunin ng AAA ang pagbayad sa bayarin sa pagpasa at ang bayad at nagastos ng tagapamagitan at ng AAA's.

(iii) **Mga di-pagkakasundong nagkakahalaga ng anumang halaga.** Kapag nagpasimula ka ng isang arbitrasyon, hindi namin kukunin sa iyo ang mga bayarin at gastusin ng aming AAA o tagapamagitan, o ang iyong mga bayarin sa pagpapasa na ibinalik namin, maliban kung sa palagay ng tagapamagitan na ang arbitrasyon ay walang-saysay o iniharap dahil sa di-karapat-dapat na layunin. Kapag kami ang nagpasimula ng arbitrasyon, babayaran namin ang lahat ng bayarin at gastusin sa pagpapasa, sa AAA, at sa tagapamagitan. Hindi namin kukunin sa iyo ang mga bayarin at gastusin para sa abogado, sa anumang arbitrasyon. Hindi ibinibilang ang mga bayarin at gastusin sa pagtukoy magkano ang sangkot sa pagtatalo.

**f.Dapat ipasa sa loob ng isang taon.** Dapat tayong maghain sa small claims court o arbitrasyon ng anumang paghahabol o hindi pagkakasundo (maliban sa mga hindi

pagkakasundo sa intelektwal na ari-arian — basahin ang Seksyon 10.a.) sa loob ng isang taon mula sa petsa kung kailan ito maaaring simulang ihain. Kung hindi, permanente na itong hindi pahihintulutan.

**g.Paghihiwalay.** Kung ang pagpapaubaya sa pinagsamang paghahabla ay napag-alamang ilegal o hindi maipapatupad sa lahat o sa ilang bahagi ng isang di-pagkakasundo, ang mga bahaging iyon ay hindi isasama sa arbitrasyon kungdi ay didiretso sa korte, at isasama sa paglilitis sa arbitrasyon. Kung mapag-alamang ilegal o hindi maaaring ipatupad ang anumang iba pang probisyon ng Seksyon 10, ihihiwalay ang probisyong iyon ngunit mananatiling ganap na may bisa ang natitirang bahagi ng Seksyon 10.

**h.Salungatan sa mga panuntunan ng AAA.** Patuloy na namamahala ang kasunduan na ito kung sumasalungat ito sa mga Panununtan sa Komersyal na Arbitrasyon o sa mga Panuntunan sa Arbitrasyon ng Mamimili.

**i.Ang Microsoft bilang partido o benepisyaryo ng third-party.** Kung ang Microsoft ang gumawa ng device o kung nakuha mo ang software mula sa isang retailer, ang Microsoft ay partido sa kasunduang ito. O di kaya ay, ang Microsoft ay hindi isang partido ngunit isang benepisyaryo ng third-party sa iyong kasunduan sa gumagawa o installer, upang malutasan ang mga di-pagkakasundo sa pamamagitan ng kaswal na usapan at arbitrasyon.

**11. Namamahalang Batas.** Nasasaklawan ng mga batas ng estado o bansa kung saan ka nakatira (o kaya, kung isa kang negosyo, kung nasaan ang pangunahing lokasyon ng iyong negosyo) ang lahat ng paghahabol at hindi pagkakasundo hinggil sa software, sa presyo nito o sa kasunduang ito, kabilang ang mga paghahabol sa paglabag sa kontrata at mga paghahabol na napapailalim sa mga batas para sa pagprotekta sa consumer, mga batas para sa hindi patas na kumpetisyon, mga batas para sa ipinapahiwatig na warranty, para sa hindi tamang panlalamang, at sa tort, mayroon mang salungatan ng mga tuntunin ng batas o wala. Sa Estados Unidos, nasasaklawan ng FAA ang lahat ng probisyong nauugnay sa arbitrasyon.

**12.Mga Karapatan ng Mamimili, mga Iba-'t-ibang Uri batay sa Rehiyon.** Naglalarawan ang kasunduang ito ng ilang partikular na legal na karapatan. Maaaring mayroon kang iba pang mga karapatan, kabilang na ang mga karapatan ng consumer, alinsunod sa mga batas ng iyong estado o bansa. Maaaring mayroon ka ring mga karapatan kaugnay ng partido kung saan mo nakuha ang software. Hindi nababago ng kasunduang ito ang iba pang mga karapatan na iyon kung hindi pinapahintulutan ng mga batas ng iyong estado o bansa na mabago nito ang mga iyon. Halimbawa, kung nabili mo ang software sa isa sa mga rehiyon

sa ibaba, o kung nalalapat ang mandatoryong batas ng bansa, samakatuwid ang mga sumusunod na probisyon ay mailalapat sa iyo:

**a. Australia.** Ang mga pagtukoy sa "Limitadong Warranty" ay mga pagtukoy sa hayagang warranty na ibinigay ng Microsoft o ng gumagawa o ng installer. Ibinibigay ang warranty na ito bilang karagdagan sa iba pang mga karapatan at remedyong maaaring mayroon ka sa ilalim ng batas, kasama ang iyong mga karapatan at remedyong alinsunod sa mga warranty ng batas sa ilalim ng lokal na Batas ng Mamimili ng Australia.

Sa seksyong ito, tinutukoy ng "mga produkto" ang software kung saan ibinibigay ng Microsoft o ng gumagawa o ng installer ang ipinapahayag na warranty. May kasamang mga garantiya ang aming mga produkto na hindi maibubukod sa ilalim ng Batas sa Consumer ng Australia. Karapat-dapat ka sa isang pagpapalit o refund para sa isang malaking pagkabigo at sa isang bayad para sa anumang iba pang makatuwirang nakikinitang pagkalugi o pinsala. Karapat-dapat ring maipaayos o maipapalit mo ang mga produkto kung hindi maging katanggap-tanggap ang kalidad ng mga produkto at kung hindi magreresulta ng malakihang pagpalya ang pagkabigo.

**b. Canada.** Maaari mong itigil ang pagtanggap sa mga update sa iyong device sa pamamagitan ng pag-off sa access sa Internet. At kung at kapag muli kang kokonekta sa Internet, magpapatuloy ang software sa pagsusuri at pag-i-install ng mga update.

**c. European Union.** Ang paghihigpit sa akademikong paggamit na nasa Seksyon 13.d(i) sa ibaba ay hindi naaangkop sa mga hurisdiksyong nakatala sa site na ito: (aka.ms/academicuse).

**d. Germany at Austria.**

(i) **Warranty.** Gaganap nang naaayon ang software na may wastong lisensya, tulad ng inilarawan sa anumang materyal ng Microsoft na kasama ng software. Ngunit, hindi nagbibigay ng kontraktwal na garantiya ang gumagawa, ang installer, at ang Microsoft, kaugnay ng lisensyadong software.

(ii) **Limitasyon ng Pananagutan.** Sa sitwasyon ng sinadyang paggawa, malubhang pagpapabaya, ang mga paghahabol na batay sa Product Liability Act, gayundin sa sitwasyon ng pagkamatay o personal o pisikal na pinsala, ang manufacturer o installer, o ang Microsoft ay may-pananagutan alinsunod sa itinaatas ng batas.

Bilang bahagi ng naunang pangungusap, ang gumagawa o installer, o ang Microsoft, ay may-pananagutan lang para sa bahagyang pagpapabaya kung ang gumagawa o installer o ang Microsoft ay lumabag sa mahalagang mga pananagutang-kontraktwal, kung saan ang pagpapatupad sa mga ito ay magpapabilis sa pagganap ng kasunduang ito, at ang paglabag dito ay maglalagay sa layunin ng kasunduang ito sa panganib, at ang pagsunod na maaaring patuloy na pagkatiwalaan ng isang partido (tinatawag na "mga pinakamahahalagang obligasyon"). Sa ibang mga sitwasyon ng bahagyang pagpapabaya, ang gumagawa o installer o ang Microsoft ay hindi mananagot para sa bahagyang pagpapabaya.

**e. Iba pang mga rehiyon.** Pumunta sa (aka.ms/variations) upang makakita ng kasalukuyang listahan ng mga pagbabagu-bago ayon sa rehiyon.

**13. Mga Karagdagang Abiso.**

**a. Mga network, data at paggamit ng Internet.** Maaaring kailanganin ng ilang feature ng software at ng ilang serbisyong naa-access sa pamamagitan ng software na kumonekta sa Internet ang iyong device. Ang iyong pag-access at paggamit (kabilang ang mga singil) ay maaaring sumailalim sa mga tuntunin ng iyong kasunduan sa cellular o internet provider. Maaari kang tulungan ng ilang feature ng software na kumonketa nang mas madali sa Internet, ngunit maaaring iba rin ang pagtatantya ng software sa paggamit, kaysa sa mga pagsusukat ng iyong service provider. Ikaw palagi ang may-pananagutan sa (i) pag-unawa at pagsunod sa mga tuntunin ng iyong sariling mga plano at kasunduan, at (ii) sa anumang isyung magmumula sa paggamit o pag-access ng mga network, kabilang ang mga pampubliko/bukas na network. Maaari mong gamitin ang software upang kumonekta sa mga network, at upang magbahagi ng impormasyon sa pag-access tungkol sa mga network na iyon, kapag mayroon ka lamang pahintulot na gawin ito.

**b. Mga pamantayang biswal na H.264/AVC at MPEG-4 at mga pamantayang pang-video na VC-1.** Maaring kabilang sa software ang H.264/MPEG-4 AVC and/or VC-1 decoding technology. Kinakailangan ng MPEG LA, L.L.C. ang absong ito:

NILILISENSYAHAN ANG PRODUKTONG ITO ALINSUNOD SA MGA LISENSYA NG AVC, VC-1 AT MPEG-4 PART 2 VISUAL PATENT PORTFOLIO PARA SA PERSONAL AT HINDI PANGKOMERSYONG PAGGAMIT NG ISANG CONSUMER SA (i) PAG-ENCODE NG VIDEO NA SUMUSUNOD SA MGA NABANGGIT NA PAMANTAYAN ("MGA PAMANTAYAN SA VIDEO") AT/O (ii) PAG-DECODE NG AVC, VC-1 AT MPEG-4 PART 2 NA VIDEO NA NA-ENCODE NG ISANG CONSUMER NA NAGSASAGAWA NG PERSONAL AT HINDI

PANGKOMERSYONG AKTIBIDAD AT/O NAKUHA SA ISANG PROVIDER NG VIDEO NA MAY LISENSYANG MAGBIGAY NG NATURANG VIDEO. WALANG MGA LISENSYA ANG DAPAT NA IBIGAY O IPAHIWATIG PARA SA IBA PANG GAMIT. ANG KARAGDAGANG IMPORMASYON AY MAARING MAKUHA MULA SA MPEG LA, L.L.C. TINGNAN ANG (AKA.MS/MPEGLA).

**c.Proteksyon laban sa malware.** Nagmamalasakit ang Microsoft upang maprotektahan ang iyong device laban sa malware. Pagaganahin ng software ang proteksyon laban sa malware kung walang naka-install na ibang proteksyon o kung napaso na ito. Upang gawin ito, ititigil ang pagpapagana sa ibang antimalware na software o maaaring kailanganin itong alisin.

**d. Mga bersyonng mga limitadong karapatan.** Kung ang bersyon ng software na nakuha ay markado o para sa isang partikular o limitadong paggamit, maaari mo lang gamitin ito gaya ng natukoy. Hindi mo maaaring gamitin ang mga ganitong bersyon ng software para sa mga aktibidad na pangkomersyal, di-pinagkakakitaan, o mapagkukunan ng kita.

(i) **Akademiko.** Para sa akademikong paggamit, kailangan ay isa kang estudyante, faculty o staff ng isang paaralan sa panahon ng pagbili.

(ii) **Pagtatasa.** Sa paggamit sa pagtatasa (o sa pagsubok o pagpapakita), hindi mo maaaring ibenta ang software, gamitin ito sa isang live operating environment, o gamitin ito pagkatapos ng panahon ng pagtatasa. Anupaman ang sumasalungat sa Kasunduang ito, **ibinibigay ang software para sa pagsusuri "NANG WALANG KARAGDAGAN O KABAWASAN" at walang warranty, ipinahiwatig man o ipinahayag (kabilang ang Limitadong Warranty), ang nalalapat sa mga bersyong ito.**

(iii) **NFR.** Hindi mo maaaring ibenta ang software na may markang "NFR" o "Not for Resale".

(iv) **Preview.** Maaari mong piliing gamitin ang preview, insider, beta o iba pang mga bersyong paunang release ng software ("mga preview") na maaaring gawing available ng Microsoft. Maaari mo lang gamitin ang mga preview hanggang sa petsa ng pag-expire ng software at hangga't sumusunod ka sa lahat ng tuntunin ng kasunduang ito. Pang-eksperimento lang ang mga preview at maaaring malaki ang kaibahan nito mula sa bersyong komersyal na na-release. Anupaman ang sumasalungat sa kasunduang ito, **ibinibigay ang mga preview "NANG WALANG KARAGDAGAN O KABAWASAN," at walang warranty, ipinahiwatig man o**

**ipinahayag (kabilang ang Limitadong Warranty), ang nalalapat sa mga bersyong ito**. **Kapag na-install ang mga preview sa iyong device, maaaring mawalan ng bisa o maapektuhan ang warranty ng iyong device at maaari kang mawalan ng suporta mula sa manufacturer ng iyong device o network operator, kung naaangkop**. Walang responsibilidad ang Microsoft para sa anumang pinsalang naidulot sa iyo dahil dito. Maaaring hindi magbigay ng mga serbisyo ng suporta para sa mga preview ang Microsoft. Kung magbibigay ka sa Microsoft ng mga komento, suhestyon o iba pang feedback tungkol sa preview ("pagsusumite"), binibigyan mo ng mga karapatan ang Microsoft at ang mga kasosyo nito para gamitin ang pagsusumite sa anumang paraan at para sa anumang layunin.

14. **Buong Kasunduan.** Ang kasunduang ito (kasama ang mga nakalimbag sa papel na mga tuntunin ng lisensya o iba pang tuntuning kasama ng anumang karagdagan sa software, update at mga serbisyo na ibinibigay ng gumagawa o installer, o ng Microsoft na iyong ginagamit), at ang mga tuntuning nasa mga web link na nakalista sa kasunduang ito, ay ang buong kasunduan para sa software at ang anumang ganitong mga karagdgaan, update at serbisyo (maliban kung magbigay ang gumagawa o installer, o ang Microsoft ng iba pang tuntunin na kasama ng naturang mga karagdagan, update o mga serbisyo). Mababalikan mo ang kasunduang ito kapag tumatakbo na ang iyong software sa pamamagitan ng pagpunta sa (aka.ms/useterms) o pagpunta sa Mga Setting - System - Tungkol sa napapaloob sa software. Maaari mo ring suriin ang mga tuntunin sa alinman sa mga link na nasa kasunduang sa pamamagitan ng pagta-type sa mga URL sa address bar ng isang browser, at sumasang-ayon kang gagawin mo ito. Ikaw ay sumasang-ayon na babasahin ang mga tuntunin bago gamitin ang software at ang mga serbisyo, kabilang ang anumang kaugnay na mga tuntunin. Nauunawaan mo na sa pamamagitan ng paggamit sa software at sa mga serbisyo, pinapagtibay mo ang kasunduang ito at ang mga kaugnay na tuntunin. Mayroon ring mga link na mapagkukunan ng impormasyon sa kasunduang ito. Ang mga link na naglalaman ng mga abiso at may-bisang tuntunin ay:

· Pahayag ng Pagiging Pribado ng Microsoft (aka.ms/privacy)

· Kasunduan sa Mga Serbisyo ng Microsoft (aka.ms/msa)

· Mga Tuntunin ng Lisensya ng Adobe Flash Player (aka.ms/adobeflash)

**************************************************************************

**WALANG WARRANTY**

”AS IS” ANG LISENSYA NG SOFTWARE SA IYONG DEVICE (KABILANG ANG MGA APP). HANGGA’T PINAPAHINTULUTAN NG IYONG MGA LOKAL NA BATAS, IKAW ANG TANGING MANANAGUTAN HINGGIL SA KALIDAD AT PAGGANAP NG SOFTWARE. KUNG MAPATUNAYANG MAY SIRA ITO, IKAW ANG SASAGOT SA LAHAT NG GAGASTUSIN SA PAGBIBIGAY NG SERBISYO O PAG-AAYOS. HINDI NAGBIBIGAY ANG MANUFACTURER NG DEVICE O ANG MICROSOFT NG ANUMANG MGA HAYAGANG WARRANTY, GARANTIYA O KUNDISYON PARA SA SOFTWARE. HANGGA’T PINAPAHINTULUTAN ALINSUNOD SA IYONG MGA LOKAL NA BATAS, HINDI ISINASAMA NG MANUFACTURER AT NG MICROSOFT ANG LAHAT NG IPINAPAHIWATIG NA WARRANTY AT KUNDISYON, KABILANG ANG MGA HINGGIL SA KAKAYAHANG MAIBENTA, KALIDAD, KAANGKUPAN SA ISANG PARTIKULAR NA LAYUNIN AT HINDI PAGLABAG. MAAARING MAYROON KANG MGA KARAGDAGANG KARAPATAN NG CONSUMER O GARANTIYANG ITINATAKDA NG BATAS ALINSUNOD SA MGA LOKAL NA BATAS NA HINDI MABABAGO NG MGA TUNTUNING ITO.

KUNG NAGTATAKDA ANG IYONG MGA LOKAL NA BATAS NG WARRANTY, GARANTIYA O KUNDISYON KAHIT NA HINDI NAGTATAKDA ANG KASUNDUANG ITO, LIMITADO ANG TERMINO NITO SA 90 ARAW MULA SA PETSA KUNG KAILAN UNANG NAKUHA NG USER ANG SOFTWARE. KUNG LUMABAG ANG MANUFACTURER O ANG MICROSOFT SA ISANG NATURANG WARRANTY, GARANTIYA O KUNDISYON, ANG TANGING SOLUSYON MO, NA PAGPAPASYAHAN NG MANUFACTURER O NG MICROSOFT, AY (I) PAG-AAYOS O PAGPAPALIT SA SOFTWARE NANG LIBRE, O KAYA AY (II) PAGBABALIK SA SOFTWARE (O, KUNG PAGPAPASYAHAN NITO, ANG DEVICE KUNG SAAN NAKA-INSTALL ANG SOFTWARE) UPANG MA-REFUND ANG HALAGANG IBINAYAD, KUNG MAYROON MAN. ANG MGA ITO LANG ANG IYONG MGA SOLUSYON PARA SA PAGLABAG SA ISANG WARRANTY, GARANTIYA O KUNDISYON NA ITINATAKDA NG IYONG MGA LOKAL NA BATAS.

HANGGA’T HINDI IPINAGBABAWAL NG IYONG MGA LOKAL NA BATAS, KUNG MAYROON KANG ANUMANG BATAYAN SA PAGKUHA NG MGA BAYAD-PINSALA, MAAARI KA LANG MAKAKUHA SA MANUFACTURER O MICROSOFT NG MGA BAYAD PARA SA MGA DIREKTANG PINSALA NA HANGGANG SA HALAGANG IBINAYAD MO PARA SA SOFTWARE (O HANGGANG $50 USD KUNG NAKUHA MO NANG LIBRE ANG SOFTWARE). HINDI MO MAGAGAWANG, AT MAAALIS ANG ANUMANG KARAPATAN NA, SUBUKANG KUMUHA NG ANUMANG IBA PANG MGA BAYAD-PINSALA O SOLUSYON, KABILANG ANG MGA NAWAWALANG KITA AT MGA PINSALANG DIREKTA, NAGING RESULTA, ESPESYAL, HINDI DIREKTA O HINDI SINASADYA, ALINSUNOD SA ANUMANG BAHAGI NG KASUNDUANG ITO O ALINSUNOD SA ANUMANG TEORYA. NALALAPAT ANG LIMITASYONG ITO SA (I) ANUMANG NAUUGNAY SA KASUNDUANG ITO, SA SOFTWARE (KABILANG ANG MGA APP), SA DEVICE, MGA SERBISYO, PAGKASIRA O PAGKAWALA NG DATA, HINDI PAGPAPADALA O PAGTANGGAP NG DATA, NILALAMAN (KABILANG ANG CODE) SA MGA SITE SA INTERNET NG THIRD PARTY O PROGRAM NG THIRD PARTY, AT (II) MGA PAGHAHABOL SA PAGLABAG SA KONTRATA, WARRANTY, GARANTIYA O KUNDISYON; MAHIGPIT NA

PANANAGUTAN, KAPABAYAAN O IBA PANG TORT; PAGLABAG SA ISANG BATAS O REGULASYON; HINDI TAMANG PANLALAMANG; O ALINSUNOD SA ANUMANG IBA PANG TEORYA.

ANG MGA PAGBUBUKOD SA BAYAD-PINSALA AT LIMITASYON SA SOLUSYON SA KASUNDUANG ITO AY NALALAPAT KAHIT NA WALA KANG SOLUSYON (“AS IS” ANG LISENSYA NG SOFTWARE), KUNG HINDI GANAP NA NATUTUMBASAN NG PAG-AAYOS, PAGPAPALIT O PAG-REFUND (KUNG INAATAS NG IYONG LOKAL NA BATAS) ANG ANUMANG MGA KAWALAN, KUNG ALAM O DAPAT AY ALAM NG MANUFACTURER O MICROSOFT NA MAAARING MAGKAROON NG MGA PINSALA, O KUNG HINDI MATUPAD NG SOLUSYON ANG PANGUNAHING LAYUNIN NITO.

Sumangguni sa manufacturer ng iyong device upang malaman kung may warranty ang iyong device.